
2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagkuha ng Impormasyon sa Anunsiyo at sa Mapa ng Komunidad



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue – Multilingual Education – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagkuha ng Impormasyon sa Anunsiyo at sa Mapa ng Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Aileen A. Garcia |
| **Editor:** | Arnold S. Galvez, Roselyn T. Salum, Mark G. Asuncion<br>Cherry Lou O. Calison, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Beverly T. Mangulabnan, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagaguhit:** | Ana Marie Y. Duque |
| **Tagalapat:** | Aileen A. Garcia |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas,<br>Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan,<br>Eleanor A. Manibog |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng ______________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 5: Pagkuha ng Impormasyon sa Anunsiyo at sa Mapa ng Komunidad

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay dinisenyo at inilimbag upang mapalawak ang iyong kaalaman. Ito ay para matulungan ka sa asignaturang Mother Tongue. Ang modyul na ito ay hayagang binigyang pansin ang kaisipan o ideya na tumutukoy sa mga impormasyon sa anunsiyo at sa mapa ng komunidad.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. makakukuha ng impormasyon sa anunsiyo at sa mapa ng komunidad **(MT2SS-Ih-i-1.3)**

## *Subukin*

**Panuto**. Basahin ang anunsiyo at alamin ang mga impormasyon mula rito. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

ANUNSIYO

Ano: Paligsahan sa Pagbasa


Sino: Mag-aaral sa Ikalawang Baitang

Saan: Silid-aklatan

Kailan: Marso 6, 2020, 1:00 ng hapon

1. Ano ang paksa ng anunsiyo?
    A. Paligsahan sa Pagbasa
    B. Paligsahan sa Pag-awit
    C. Paligsahan sa Pagsayaw
    D. Paligsahan sa Pagbigkas ng Tula
2. Sino ang mga kalahok sa nasabing paligsahan?
    A. mag-aaral sa unang baitang
    B. mag-aaral sa ikatlong baitang
    C. mag-aaral sa ikalawang baitang
    D. mag-aaral sa ikaapat na baitang
3. Saan gaganapin ang Paligsahan sa Pagbasa?
    A. parke
    B. kantina
    C. silid-aklatan
    D. tanggapan ng punong-guro

**Panuto**. Pag-aralan ang mapa. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.



1. Nais ni Jersen na pumunta sa parke, saang direksyon siya dapat tumungo?

   A. Timog
   B. Hilaga
   C. Silangan
   D. Kanluran

2. Kung si Jersen ay patungong hilaga, anong lugar o istruktura ang kaniyang mapupuntahan?

   A. parke
   B. paaralan
   C. simbahan
   D. pamilihan

| Aralin 1 | Pagkuha ng Impormasyon sa Anunsiyo at sa Mapa ng Komunidad |
| --- | --- |

Ang pagkuha ng tamang impormasyon ay isa sa mga kasanayan sa ika-21 siglo na dapat taglayin ng isang batang katulad mo. Ang anunsiyo at mapa ng komunidad ay ilan sa maaaring mapagkuhanan ng impormasyon.

Makabubuti na maging mapanuri upang maging kapaki-pakinabang ang anumang impormasyon na ating makukuha.

## *Balikan*

**Panuto.** Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang iyong kumpletong pangalan?

    ________________________________________

2. Saang bayan ka nakatira?

    ________________________________________

3. Ilang taon ka na ngayon?

    ________________________________________

4. Nasa anong baitang ka na ng pag-aaral?

    ________________________________________

5. Ano ang pangalan ng ating paaralan?

    ________________________________________

## *Tuklasin*

Ang anunsiyo at mapa ng komunidad ay mapagkukuhanan ng mahahalagang impormasyon na makatutulong upang mapalawak ang kaalaman sa isang bagay, paksa o pangyayari.

Ang **anunsiyo** ay maikling pahayag na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa isang bagay o pangyayari. Maari itong nagbibigay ng panuto, nanghihikayat o nagbibigay ng babala.



Ang **mapa** naman ay patag na paglalarawan sa isang lugar. Ito ay napakahalagang sanggunian. Ipinakikita nito ang kinalalagyan ng iba't-ibang lugar sa ating pamayanan.



Ang mahahalagang impormasyon ay sumasagot sa mga tanong na Ano, Sino, Kailan at Saan.



# Suriin


**Panuto.** Basahin at unawain ang anunsiyo. Pag- aralan din ang mapa na matatagpuan sa ibaba.




## Ang Pagdiriwang

Ang lahat ng mga mag-aaral sa ikalawang baitang ay inaanyayahan na dumalo sa ika-pitong kaarawan ni Jerome Andersen sa Marso 14, 2020, ika-4 ng hapon. Ang handaan ay gaganapin sa tahanan ng Pamilya Garcia na nasa Kalye Santan, Purok 2 sa Barangay Masagana.

Kalakip nito ang mapa upang matukoy ang eksaktong lokasyon.




Purok 2, Barangay Masagana

**I. Panuto.** Pag-ugnayin ang magkatugmang impormasyon sa Hanay A at Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Mga dadalo | A. Kaarawan |
| 2. Petsa at oras | B. Marso 14, ika-4 ng hapon |
| 3. Lugar na pupuntahan | C. Mag-aaral sa ikalawang baitang |
| 4. Pagdiriwang na dadaluhan | D. Kalye Santan, Purok 2, Barangay Masagana |

**II. Panuto.** Punan ang patlang ng mga impormasyong mula sa mapa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang tahanan ng Pamilya Garcia ay makikita sa Purok 2, Barangay_________________.
2. Ito ay eksaktong makikita sa Kalye_____________.
3. Nasa timog ng kanilang tahanan ang ____________ kung nais mong mamasyal.
4. Kung nais mong bumili ng pagkain nasa silangan naman nito ang_____________.
5. Sa iyong pag-uwi, mag-alay ng panalangin, nasa hilaga ng kanilang tahanan ang__________.

# Pagyamanin

## Pinatnubayang Gawain

### Gawain 1

**Panuto.** Basahin at unawain ang anunsiyo. Punan ang patlang ng impormasyong hinahanap at isulat ang sagot sa sagutang papel.



**ANUNSIYO**

Nais mo bang ipamalas ang iyong angking talino at talas ng memorya?



Kung ikaw ay mag-aaral na 9-12 taong gulang, maari kang sumali sa Tagisan ng Talino na gaganapin sa Bulwagan ng Paaralan sa Pebrero 12, 2020 sa ganap na ika-10 ng umaga. Ang tatanghaling kampeon ay pagkakalooban ng medalya at sertipiko. Halina at sumali na!

Para sa karagdagang impormasyon, maaring makipag-ugnayan kay Gng. Carmelita Ramos, gurong namamahala.

ANUNSIYO

Ano: (paksa)________________________________

Sino: (kalahok)______________________________

Saan: (lugar)________________________________

Kailan: (petsa at oras) ________________________


## Pagtatasa 1

**Panuto.** Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa sagutang papel.

1. Anong paligsahan ang isasagawa sa paaralan?
2. Sino ang maaaring sumali sa paligsahan?
3. Saan gaganapin ang paligsahang ito?
4. Kailan ang itinakdang petsa ng paligsahan?
5. Sino ang maaaring tanungin para sa karagdagang impormasyon?

## Gawain 2

**Panuto.** Pag-aralan ang mapa.



**Panuto.** Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang nasa hilaga ng palaruan?
   A. ospital  C. parke
   B. simbahan  D. paaralan
2. Ano ang nasa kanluran ng simbahan?
   A. parke  C. ospital
   B. palaruan  D. simbahan
3. Ano ang nasa timog ng ospital?
   A. palaruan  C. paaralan
   B. pamilihan  D. taniman ng gulay
4. Ano ang nasa silangan ng paaralan?
   A. parke  C. pamilihan
   B. palaruan  D. bahay pamahalaan
5. Ano ang nasa timog ng palaruan?
   A. pamilihan  C. bahay-pamahalaan
   B. simbahan  D. gusaling pang-industriya

## Pagtatasa 2

**Panuto.** Gamit ang mapa na nasa itaas, alamin kung nasa **hilaga**, **silangan**, **timog** o **kanluran** ang tinutukoy na lugar. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang gusaling pang-industriya ay nasa ____________ ng bahay-pamahalaan.
2. Ang paaralan ay nasa_______________ng palaruan.
3. Ang ospital ay nasa________________ng paaralan.
4. Ang bahay pamahalaan ay nasa______________ ng simbahan.
5. Ang pamilihan ay nasa______________ng palaruan.

## Malayang Gawain

## Gawain 1

**Panuto**. Basahin ang anunsiyo sa ibaba. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.



### ANUNSIYO

Bawat pamilya ay mahalagang bahagi ng paaralan at komunidad kung kaya inaanyayahan ang lahat na dumalo at makisaya.

Ano: Araw ng Pamilya
Sino: Mga magulang at mag-aaral
Saan: Himnasyo ng Paaralang Elementarya ng Masagana
Kailan: Marso 13, 2020, ika-8:00 ng umaga

Mga Gawain:

Pagpapamalas ng talento, paligsahan at laro na sasalihan ng lahat ng miyembro ng pamilya bilang isang grupo

Para sa karagdagang impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa mga gurong tagapayo sa bawat baitang.

1. Anong programa ang ilulunsad sa paaralan?
   A. Araw ng Pamilya
   B. Araw ng mga Puso
   C. Araw ng mga Guro
   D. Araw ng Kalayaan

2. Kailan idaraos ang programa?
   A. Mayo 13, 2020
   B. Mayo 23, 2020
   C. Marso 13, 2020
   D. Marso 23, 2020
3. Sino ang mga dadalo sa programa?
   A. mga batang lalaki
   B. mga batang babae
   C. mga pulis at sundalo
   D. mga magulang at mag-aaral
4. Saan gaganapin ang programa?
   A. kantina
   B. himnasyo
   C. silid-aralan
   D. silid-aklatan
5. Kanino makikipag-ugnayan para sa karagdagang impormasyon?
   A. kapitbahay
   B. kamag-aral
   C. nanay at tatay
   D. gurong tagapayo

## Pagtatasa 1


**Panuto.** Sagutin ang sumusunod na mga tanong sa sagutang papel.

1. Ano ang tinutukoy ng impormasyong Himnasyo ng Paaralang Elementarya ng Masagana?
2. Anong oras ang itinakda para sa pagsisimula ng programa?

3. Ano-ano ang mga gawain sa pagdiriwang ng Araw ng Pamilya?
4. Bakit nagsasagawa ng ganitong uri ng programa sa mga paaralan?
5. Bakit mahalagang unawain ang anunsiyo?

## Gawain 2:

**Panuto.** Sundin ang lokasyong ibinigay upang matukoy ang lugar o istrukturang hinahanap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




Halimbawa: Lokasyong A1: <u>Palaruan</u>

1. Lokasyong C5: ______________________________

2. Lokasyong E1: ______________________________

3. Lokasyong A3: ______________________________

4. Lokasyong E5: ______________________________

5. Lokasyong C1: ______________________________

**Pagtatasa 2:**

**Panuto.** Hanapin sa mapa kung saang direksyon matatagpuan ang sumusunod na mga lugar o istruktura. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Parke ____________________________
2. Palaruan ____________________________
3. Estasyon ng Pulis ____________________________
4. Bangko ____________________________
5. Pamilihan ____________________________

## *Isaisip*

Ang anunsiyo at mapa ng komunidad ay mapagkukuhanan ng mga impormasyon na makatutulong upang lumawak ang ating kaalaman tungkol sa isang bagay o pangyayari. Sa anunsiyo nakasaad ang mga impormasyon tulad ng **kaganapan**, **petsa**, **oras**, **lugar na pagdarausan** at **taong kalahok**. Sa mapa naman makukuha ang **lokasyon** at **direksyon** patungo sa isang lugar o istruktura. Ang pangunahing

direksyon nito ay Hilaga, Silangan, Timog at Kanluran. Samantalang ang pangalawang pangunahing direksyon ay Hilagang Silangan, Timog Silangan, Timog Kanluran at Hilagang Kanluran.

## *Isagawa*

**Panuto.** Hanapin ang anim (6) pang impormasyong maaring makuha sa anunsiyo at mapa. Isulat ito sa sagutang papel.

### Impormasyon sa Anunsiyo at Mapa

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | D | I | R | E | K | S | Y | O | N |
| M | D | K | O | F | N | M | M | B | N |
| C | I | H | S | T | K | W | M | A | G |
| D | V | S | S | Z | K | M | O | M | H |
| K | A | L | A | H | O | K | R | U | P |
| K | A | G | A | N | A | P | A | N | E |
| L | S | N | Y | H | P | Q | S | N | T |
| W | P | L | L | U | G | A | R | S | S |
| H | C | V | O | I | G | E | E | X | A |
| A | R | L | O | K | A | S | Y | O | N |

Halimbawa: Direksyon

## *Tayahin*

**I. Panuto.** Basahin at unawain ang anunsiyo. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

**Anunsiyo**

**Talento mo, Ipakita mo!**

Kung ikaw ay may talento sa pag-awit, pagtula at pagsayaw. Ikaw na nga ang hinahanap namin.

Inaanyayahan ang mga batang nasa 5-8 taong gulang na sumali sa Tuklas-Talento na gaganapin sa Plasa ng Barangay Masagana sa darating na Marso 14, 2020 sa ganap na ika-9 ng umaga. Ang Araw ng pagpapatala ay mula Marso 9-13, 2020 sa Tanggapan ng Punong Barangay, hanapin lamang si Gng. Liza Lozano.

Medalya at sertipiko ang ipagkakaloob sa mga magwawagi.



1. Sino ang maaring sumali sa Tuklas-Talento?
   A. Mga nasa 8-15 taong gulang
   B. Mga batang nasa 5-8 taong gulang
   C. Batang lalaki lamang na nasa 5-8 taong gulang
   D. Batang babae lamang na nasa 5-8 taong gulang


2. Saan gaganapin ang paligsahan?
   A. Sa paaralan
   B. Sa simbahan
   C. Sa Plasa ng Barangay Masagana
   D. Sa Tanggapan ng Punong Barangay

3. Kailan ang araw ng pagpapatala?
   A. Marso 4, 2020
   B. Marso 14, 2020
   C. Marso 9-13, 2020
   d. Marso 24-29, 2020

4. Sino ang hahanapin kung nais magpatala?
   A. Bb. Rita Gaspar
   B. Gng. Liza Lozano
   C. G. Vicente Reyes
   D. Gng. Zenaida Ignacio

5. Ano ang paligsahan na nakasaad sa anunsiyo?
   A. Tuklas-Talento
   B. Liga ng Basketbol
   C. Patimpalak-Awitan
   D. Paligsahan sa Pagguhit

**II. Panuto.** Pag-aralan ang mapa at tukuyin ang mga istruktura o lugar na tinuturo ng direksyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.





1. Timog ____________________________
2. Hilaga ____________________________
3. Kanluran ____________________________
4. Timog Kanluran ____________________
5. Hilagang Silangan ____________________

# *Karagdagang Gawain*

**Panuto**. Pag-isipan ang natapos na aralin tungkol sa Pagkuha ng Impormasyon sa Anunsiyo at sa Mapa ng Komunidad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Tatlong (3) bagong kaalaman na natutunan mo sa araling ito | 1.<br>2.<br>3. |
| Dalawang (2) bagay na nakawiwili sa araling ito | 1.<br>2. |
| Isang (1) bagay na nais mo pang malaman tungkol sa araling ito | 1. |

Nagustuhan mo ba ang araling ito? Iguhit sa papel ang iyong saloobin.



# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN (pahina 1-3)**

1. A (Paligsahan sa Pagbasa)
2. C (Mag-aaral sa ikalawang baitang)
3. C (Silid-aklatan)
4. A (Timog)
5. B (paaralan)

**BALIKAN (pahina 4)**

Tanggapin ang sagot ng mga mag-aaral.

**SURIIN (pahina 7-8)**

I.
1. C
2. B
3. D
4. A

II.
1. Barangay Masagana
2. Kalye Santan
3. Parke
4. Pamilihang
5. Simbahan

**PAGYAMANIN**
**Pinatnubayang Gawain**

**Gawain 1 (pahina 9)**
Ano: Tagisan ng Talino
Sino: Mag-aaral na 9-12 taong gulang
Saan: Bulwagan ng Paaralan
Kailan: Pebrero 12, 2020/ ika-10 ng umaga

**Pagtatasa 1 (pahina 10)**
1. Tagisan ng Talino
2. Mag-aaral na 9-12 taong gulang
3. Bulwagan ng Paaralan
4. Pebrero 12, 2020
5. Gng. Carmelita Ramos

**Gawain 2 (pahina 10-11)**
1. B. simbahan
2. C. ospital
3. C. paaralan
4. B. palaruan
5. A. pamilihan

**Pagtatasa 2 (pahina 11)**
1. timog
2. kanluran
3. hilaga
4. silangan
5. timog

**Malayang Gawain**
**Gawain 1 (pahina 12-13)**
1. A. Araw ng Pamilya
2. C. Marso 13, 2020
3. D. mga magulang at mag-aaral
4. B. himnasyo
5. D. gurong tagapayo

**Pagtatasa 1 (13-14)**
1. Lugar kung saan idaraos ang programa
2. ika-8 ng umaga
3. Pagpapamalas ng talento, paligsahan at laro
4. dahil ang pamilya ay mahalagang bahagi ng paaralan at komunidad (tumanggap ng iba pang sagot)
5. dahil ang anunsiyo ay mapagkukuhanan ng mga impormasyong nagbibigay kaalaman (tumanggap ng iba pang sagot)

**Gawain 2 (pahina 14-15)**
1. panaderya
2. bangko
3. kainan
4. estasyon ng pulis
5. bahay-pamahalaan

**Pagtatasa 2 (pahina 15)**
1. hilagang kanluran
2. timog kanluran
3. hilagang silangan
4. timog silangan
5. silangan

**Isagawa (pahina 16)**




**Tayahin (pahina 18-19)**

I.
1. B
2. C
3. C
4. B
5. A

II.
1. Palaisdaan
2. Panaderya
3. Himpilan ng mga sasakyan
4. Pamilihan
5. Bangko

**Karagragang Gawain (pahina 20)**

Tanggapin ang sagot ng mga mag-aaral.

# *Sanggunian*

Cruz, G.M., Capunitan, C.A., Dela Rosa, E.C., Arrobang, L.F., & Janda, L.V. Kagamitan ng Mag-aaral sa Araling Panlipunan 2. Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon, 2013

K-12 Most Essential Learning Competencies (MELC) - Teach Pinas. Teach Pinas. (2020). Retrieved 27 July 2020, from https://www.teachpinas.com/k-12-most-essential-learning-competencies-melc/.

Salvatus, G.U., Soner, B.A., Santos, N.C, & Tiňana, R.P. Patnubay ng Guro sa Mother Tongue-Based Multilingual Education 2. Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon, 2013

Yang, R. Learning Library |Education.com. (2020). Retrieved 27 July 2020, from https://www.education.com/resources/wordsearch/?q=word%20search%20puzzle%20generator

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph